



MGA SERYE SA PAGPIGIL NG KRIMEN NG PUWERSA NG PULISYA SA NSW

Ice. Ang iyong tawag ay maaaring maging daan sa pagbabago

Mga Droga - Ice

Ang suplay at paggawa ng ice sa ating komunidad ay isang lumalalang problema.

Ang ice ay isang purong anyo ng methylamphetamine, isang stimulant na droga. Ito ay lubos na nakakagumon at maaaring maging sanhi ng malubhang mga problema sa pag-iisip at sa katawan, lalo na kung ginagamit nang madalas o sa loob ng mahabang panahon.

Kilala ang ice bilang isang sanhi ng pagkasira ng mga buhay. Ang regular na paggamit ng ice ay maaaring humantong sa pagkasira ng mga karera, pagkawatak at hindi paggana ng pamilya at pagkawalay ng mga gumagamit nito sa kanilang pamilya, mga kaibigan at komunidad. Mayroon ding kaugnayan ang ice sa iba pang mga uri ng krimen.

Ang pagbebenta at paggamit ng ice ay nangyayari sa mga bayan, mga kanugnog ng lungsod at mga lungsod sa buong NSW, at ang mga pinsala nito ay dama rin sa buong estado.

Kailangan ng Pulisya ang iyong tulong upang supilin ang suplay at pagmamanupaktura ng ice. Kung sa tingin mo ay nakakita ka ng bagay na kahinahinala, mangyaring ipaalam ito sa amin.

Protectahan ang iyong komunidad

- **IPAALAM** sa pulisya ang kahina-hinalang aktibidad sa droga sa pamamagitan ng pagkontak sa iyong lokal na himpilan ng pulisya o pagtawag sa Crime Stoppers sa 1800 333 000.
- **IREKORD** ang kahinahinalang pag-uugali kabilang ang mga paglalarawan at mga numero ng rehistro ng sasakyan.
- **IREPORT** ang kahinahinalang mga kemikal, amoy at lugar. Alamin kung ano ang mga palatandaang kailangang mapuna sa pamamagitan ng pagbisita sa: www.police.nsw.gov.au

Protectahan ang iyong pamilya at mga kaibigan

- **ALAMIN** mo at turuan ang iyong mga anak tungkol sa mga panganib na kaugnay ng paggamit ng ice at iba pang mga droga. Manatiling kasangkot sa buhay ng iyong mga anak.
- **TANDAAN** na ang paggamit ng isang tao ng ice ay maaaring makaapekto sa kaniyang mga anak at katuwang. Suportahan ang mga taong ito upang manatiling ligtas.
- **MAGHANAP** ng propesyonal na tulong nang maaga kung ang isang taong mahalaga sa iyo ay may problema sa droga. Huwag hintaying umabot sila sa 'kawalang-pag-asa (rock bottom)'. Mayroong mabisang paggamot, at ang pamamagitan (intervention) nang maaga ay makatutulong upang mabawasan ang pinsala.

Saan makakukuha ng tulong

- **TUMAWAG** sa Serbisyo ng Impormasyon sa Alkohol at Droga (ADIS) sa 1800 422 599 o (02) 9361 8000 para sa impormasyon at suporta tungkol sa droga.
- **BISITAHIN** www.yourroom.com.au upang matuto tungkol sa mga droga, ang epekto ng mga ito, at kung paano humingi ng tulong.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpigil ng krimen bisitahin kami sa www.police.nsw.gov.au



Justice



Triple Zero (000)

Para sa mga emerhensiya o mga sitwasyon na nalagay ang buhay sa panganib.



Police Assistance Line (131 444)

Para sa mga hindi emerhensiya.



Crime Stoppers (1800 333 000)

Sa pagbigay ng impormasyon sa krimen, maaaring hindi magpakilala.